cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA PAGSULAT NG SANAYSAY NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 10

Bernalyn L. Hidalgo[1]; Maria Lourdes G. Eguia[2]; Perfecto M. Lopez[3]

Baguio Central University, Baguio City 2600, Cordillera Administrative Region, Phillippines
Hidalgo@gmail.com; marialourdesgeguia@gmail.com
Corresponding Author: Perfecto M. Lopez, perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.005

Abstrak: Layunin ng pag-aaral na ito ang masuri at matukoy ang antas ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 na binubuo ng siyamnaput-walong (98) mag-aaral bilang tagatugon sa Mataas na Paaralan ng Twin Peaks, Distrito ng Tuba, Dibisyon ng Benguet. Ang ginamit sa pagsusuri at pagbibigay ng mga datos at impormasyon ay deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Isinagawa ang pagpapatibay sa talatanungan sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaayos ng mga aytem. Matapos na maisaayos ang talatanungan, ito ay ipinasagot sa mga mag-aaral upang matiyak ang relayabiliti, na kung saan, ito ay maaasahan. Ang mga sumusunod ay ang kinalabasan ng pag-aaral: Batay sa kinalabasan ng pananaliksik napakahusay na ang mga mag-aaral sa Indensyon at pagbabantas , ngunit kinakailangan pang pagbutihin ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong gramatika at pagbabaybay upang makamit ang lubos na napakahusay sa pagsulat ng sanaysay bilang paghahanda sa Senior High School; Napakaepektibo ang mga kagamitan na ginamit ng guro sa pagtalakay at sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ; Ang pagbibigay gabay at wastong panuto ng guro ay mahalaga sa mga salik na nakakaapekto sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral , ang mga sumusunod ang konklusyon: Ang mga mag-aaral sa Grade 10 ay may napakahusay na kasanayan sa kakayahang komunikatibong pagsulat ng sanaysay at upang mapanatili ang napakahusay na kasanayan kailangang pagtuonan ng pansin ang paggabay sa malawak na pag-unawa sa gramatika at pagbabaybay upang makamit ang Lubos na napakahusay sa pagsulat ng sanaysay bilang pahahanda sa Senior High School; Napakaepektibo ang mga proseso sa pagpapabuti ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay. Ang pagbibigay ng puna mula sa mga guro, pagsusuri, ng mga ibinigay na gawaing pagsusulat at pagbubuo ng talata ay napakaepektibo na tulong na naibigay ng guro upang makamit ang lubos na napakahusay sa pagsusulat ng sanaysay; Dahil sa suporta ng guro nakamit ng mga mag-aaral ang napakahusay na pagganap sa pagsulat ng sanaysay.

Susing Salita: kakayahang komunikatibo, Epekto, Sanaysay, Indensyon, pagbabantas, pagbabaybay, gramatika

I. INTRODUKSYON

Isa sa mga kahirapan na madalas harapin ng maraming mag-aaral sa sekondarya ay ang kognitibong pangangailangan ng pagsusulat ng sanaysay. Ayon kina Graham at Perin (2017), ang proseso ng pagbuo ng isang sanaysay ay nangangailangan ng isang kumplikadong interaksyon ng mga kasanayan sa pag-iisip sa mas mataas na antas, tulad ng analisis, sintesis, pagsusuri, at malikhaing pag-iisip. Kailangan ng mga mag-aaral na maglakbay sa mga komplikadong gawain gaya ng pag-unawa sa mga tuntunin, pagbuo ng mga *thesis statement*, pagtutok ng mga argumento sa pamamaraang lohikal, pagsamahin ang ebidensya mula sa iba't ibang pinagmulan ng mga sanggunian, at sa pagbubuo ng mga konklusyon. Ang kognitibong kaalaman na ito ay maaaring nakalulunod, lalo na para sa mga mag-aaral na hindi pa naglalabas ng mga kasanayang ito at malinang ang kakayahan sa pagsulat (Graham at Harris, 2018; Torrance et al., 2019).

Isa pang hamon ay matatagpuan sa mga lingguwistiko at retorikal na aspeto ng pagsusulat ng sanaysay. Ibinahagi ni Calfee (2021), na ang epektibong pagsulat ng sanaysay ay nangangailangan ng pagkamalikhain sa paggamit ng wika, kabilang ang mayamang bokabularyo, angkop na tono, at magkakaibang istruktura ng pangungusap. Kailangan din ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga kaibahan ng iba't ibang mga estilo ng retorika, tulad ng pagkukwento, deskripsyon, eksposisyon, at argumentasyon. Bukod dito, kailangan nilang sundin ang mga konbensyon ng akademikong pagsusulat, kabilang ang tamang estilo ng pagtutukoy at format (Christianakis, 2020). Para sa mga mag-aaral na may limitadong

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

kasanayan sa wika o yaong mula sa iba't ibang lingguwistikong panimula, maaaring magdulot ng malaking hadlang ang mga pangangailangan sa wika na ito.

Ayon naman kay Baaijen, et al. (2014), maaari rin namang hadlangan ng mga emosyonal at motibasyonal na mga salik ang tagumpay ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa pagsusulat ng sanaysay. Maraming mag-aaral ang nakakaranas ng pag-aalala, pagdududa sa sarili, o kakulangan sa tiwala sa kanilang mga kakayahan sa pagsusulat, na maaaring magdulot ng pagpapaliban, pag-iwas, o pagtanggi na humingi ng puna at suporta (Baaijen, et al., 2014). Bukod dito, maaaring mahirapan ang ilang mag-aaral sa pagpapanatili ng motibasyon at pagtitiyaga sa buong proseso ng pagsusulat, na nangangailangan ng patuloy na pagsisikap at dedikasyon.

Ang mga pedagogikal na hamon ay nagpapahirap sa mga mag-aaral sa sekondarya sa pagsusulat ng sanaysay. Ang kakulangan sa kakayahan sa kasanayan sa pagsusulat, estratehiya, at limitadong mga pagkakataon para sa puna at pagrerebisyon ay maaaring humadlang sa pag-unlad ng mga mag-aaral bilang manunulat (Graham at Perin, 2017; Zumbrunn at Graham, (2018). Bukod dito, ang paglipat mula sa pagsusulat ng naratibo at ekspositori sa mga mas komplikadong pangangailangan ng pagsusulat ng analitikal at argumentatibong sanaysay sa mas mataas na baitang ay maaaring magdulot ng malaking hadlang para sa maraming mag-aaral.

Sa Pilipinas, maraming mga mag-aaral ang nakararanas ng mga hamon sa pagsusulat ng mga sanaysay. Isa sa mga pangunahing hamon ayon kay Atanacio-Blas, et al. (2018) ay ang kahirapan sa aspeto ng kognitibo. Ang pagbuo ng isang maayos at epektibong sanaysay ay nangangailangan ng mataas na antas ng pag-iisip tulad ng pag-aanalisa, pag-uugnay ng mga ideya, at pagbibigay ng lohikal na argumento. Subalit, marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang maisagawa ito nang maayos dahil sa kakulangan sa mga kasanayang ito, ayon naman kay Urbano, et al. (2021). Dagdag pa rito, mayroon ding mga hamon sa aspeto ng wika at retorika.

Ang pagkakaroon ng sapat na bokabularyo, wastong tono, at maayos na pagkakabuo ng pangungusap ay mahahalagang bahagi ng pagsulat ng isang magandang sanaysay. Ibinahagi naman ni Pablo at Lasaten (2018) na maraming mga mag-aaral ang nahihirapang maipahayag ang kanilang mga ideya nang malinaw dahil sa kakulangan sa mga kasanayang ito. Bukod dito, maaaring humarap din sila sa mga hamon sa aspeto ng emosyon at motibasyon, ayon naman kay Nueva (2016). Ang kawalan ng kumpiyansa sa sarili, takot, at pangamba sa pagkuha ng feedback at suporta mula sa iba ay maaaring humadlang sa kanilang pag-unlad bilang manunulat.

Sa larangan ng edukasyon, mayroon din mga hamon sa aspeto ng pagtuturo. Ang kawalan ng wastong mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat at limitadong pagkakataon para sa *'feedback at revision'* ay maaaring magdulot ng karagdagang pagkabalisa sa mga mag-aaral, ayon kay Gustilo at Magno (2015). Sa kabuuan, ang mga hamon sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa Pilipinas ay nagmumula sa iba't ibang mga aspeto tulad ng kognitibo, lingguwistiko, emosyonal, at pedagogikal, na nangangailangan ng mahusay na solusyon at suporta mula sa mga guro at iba pang mga sangay ng edukasyon.

Binanggit sa pag-aaral ni Nariz (2022) sinabi nina Xing at Jin (1989), ang pagsulat ay isang komprehensibong kakayahang naglalaman ng wastong gamit, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan.

Ayon pa rin sa pag-aaral ni Nariz (2022) nabanggit ni Donald Murray (2023), ang pagsulat ay isang eksplorasyong pagtuklas sa kahulugan pagtuklas sa porma at ang manunulat ay nagtatrabaho nang pabalik-balik, nagtutuon sa isa sa mga batayang kasanayan sa bawat panahon nang kanyang matuklasan kung ano ang kanyang isusulat at kung paano niya iyon maipapahayag ng mabisa . Dagdag pa niya na ang pagsulat ay isang proseso at paulit-ulit, *writing is rewriting*.

Batay sa *DepEd Order, Blg. 021, s.2019 (Policy Guidelines on the KL to 12 Basic Education Program*), ang pangunahaing kurikulum ng Filipino mula Grade 7 hanggang Grade 10 ay nakatuon sa gramatika at panitikan mula sa iba't ibang lugar at panahon. Hinggil sa pag-aaral ni Ricardo (2022) binanggit ni Lee (2015), ang isang taong maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit nang wastong deliberasyon ng balarila na magagamit sa pagsusulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa pagpapahayag ng may kalinawan.

Ang pagsusulat ng sanaysay ay may malaking kahalagahan para sa mga mag-aaral sa sekondarya dahil binibigyan sila nito ng mahahalagang kasanayan na lampas sa matutuhan sa loob ng silid-aralan. Sa kasalukuyang kalagayan ng akademiko at mabilis na pagbabago sa mundo ng propesyonal, ayon kina Beaufort (2018) at Hoang at Vo (2021), ang kakayahan na maayos na ipahayag ang mga ideya, bumuo ng maayos na argumento, at ipahayag ang mga komplikadong kaisipan sa isang organisado at maayos na paraan ng pagsulat ay napakahalaga. Ang paglinang sa sining ng pagsusulat ng sanaysay sa antas sekondarya ay nagtatag ng malakas na pundasyon para sa tagumpay sa iba't ibang larangan.

Ayon kay Maranan (2016), maraming nagsasabi na sa limang makrong kasanayan, ang pagsulat ang pinakamahirap na gawain sa lahat. Mahirap nga ba? Maari, dahil matrabaho ang gawaing ito. At kung walang interes sa paksang isusulat, o talagang walang alam sa sining ng pagsulat, lalong magiging mahirap ang gawaing pagsulat. Ang pagsulat ay kakayahan ng bawat nilalang na maipahayag ang sarili gamit ang mga nakalimbag na simbolo. Isa sa mga pangunahing benepisyo ng pagsusulat ng sanaysay para sa mga mag-aaral sa sekondarya ay ang paglinang ng kritikal na pag-iisip at kakayahan sa pag-unawa. Ang proseso ng pananaliksik, panunuri ng mga pinagmulang impormasyon, at pagbubuo ng isang malinaw na mga pahayag ay nangangailangan ng mga kognitibong pamproseso sa mas mataas na antas, ayon naman kay Moran at Soiferman (2018). Dapat nilang matutunan ang pagsusuri ng impormasyon mula sa iba't ibang pananaw, pagtatanong sa mga pangangatwiran, at pagtatag ng lohikal na mga konklusyon. Ang pagpapalago ng mga kasanayang ito sa kritikal na pag-iisip ay napakahalaga hindi lamang sa mga akademikong gawain kundi pati na rin sa pagharap sa hamon ng mundo, kung saan ang kakayahan na mag-isip nang kritikal at gumawa ng matalinong desisyon ay lubos na pinapahalagahan, pahayag ni Gammill (2020) at Driscoll at Well (2018).

Ang Kakayahang Komunikatibo ay isang pangunahing aspeto sa pag-unlad ng indibidwal. Sa konteksto ng pagsusulat ng sanaysay sa antas ng sekondarya, ayon kina Atanacio-Blas, et al. (2018), ito ay hindi lamang tungkol sa pagbuo ng mga pangungusap at pagsunod sa tuntunin ng gramatika, kundi pati na rin sa pagpapahayag ng mga kaisipan at damdamin nang malinaw at epektibo.

Inilahad naman ni Reyes (2017) na ang pagpapalakas ng mga kasanayang ito sa pamamagitan ng pagsusulat ng sanaysay ay nagtatag ng isang matibay na pundasyon para sa tagumpay hindi lamang sa larangan ng edukasyon kundi pati na rin sa mga hamon ng propesyonal na mundo. Ang pagiging mahusay sa pagsusulat ay isang kasanayan na may malawak na aplikasyon sa iba't ibang larangan ng buhay, at ito ay nagiging mas mahalaga pa sa panahon ngayon na kung saan ang komunikasyon ay isang mahalagang sangkap sa bawat aspeto ng ating lipunan at hanapbuhay.Layunin ng mananaliksik na suriin ang kasanayan sa pagtatasa at pagsusulat ng sanaysay lalo na sa larangan ng indensyon, pagbaybay, pagbabantas, at gramatika upang maunawaan at mapaunlad ng mga mag aaral ang pagtatasa sa kahalagahan ng pag-unawa upang

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

matukoy ang partikular na mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at makatulong sa mga guro na baguhin ang mga estratehiya ayon sa kakalabasan ng pag-aaral.

Madalas harapin ng mga mag-aaral ang maraming hamon pagdating sa pagsusulat ng mga sanaysay, na maaaring hadlang sa kanilang kakayahan na maipahayag ang kanilang mga ideya o kaalaman nang epektibo at makamit ang akademikong tagumpay. Ang mga kahirapan na ito ay nagmumula sa iba't ibang mga salik, kabilang ang kognitibo, lingguwistiko, emosyonal, at pedagogikal na aspeto, ayon kay Anson (2018). Mahalaga ang pag-unawa sa mga hamong ito para sa mga tagatugon at sa mga ahensya na sumusuporta sa edukasyon upang magbigay ng angkop na gabay at mga sanggunian upang matulungan ang mga mag-aaral na malampasan ang mga hadlang na ito at mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagsusulat.

Nilalayon ng pananaliksik na ito na maibahagi ang mga makakalap na kaalaman ukol sa uri ng pagsusulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10. Kaya, ang mga sumusunod ay makakakalap ng mahahalagang benepisyo mula sa pananaliksik na ito:

Ang Kagawaran ng Edukasyon o Department of Education (DepEd) ay kilalanin ang napakahalagang pagpapabuti sa kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa sekondarya para sa maraming kadahilanan. Una, nasa simulain ng pagsisikap na ito ang pagpapalakas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng proseso ng pagbuo ng mga sanaysay, pakikilahok ng mga mag-aaral sa makabuluhang pag-unawa, matututo silang suriin ang ebidensya, at bumuo ng magkakatugmang mga argumento. Ang mga kasanayang ito ay pundasyon ng mga mag-aaral hindi lamang para sa tagumpay sa akademiko at ito ang magiging daan bilang gabay sa mga kumplikasyon sa iba't ibang aspeto ng buhay. Bukod dito, ang epektibong pakikipag-ugnayan sa pagsulat ay isang yaman sa lipunang kinabibilangan ng impormasyon sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng pagpapahusay sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay, magtataglay ang mga mag-aaral ng kakayahan na ipahayag ang kanilang mga ideya nang malinaw at maayos, mahahalagang kasanayan para sa tagumpay sa mas mataas na edukasyon at sa hanapbuhay.

Maunawaan ng mga pinuno ng paaralan na maging handa at mahusay ang mga mag-aaral na paunlarin ang kakayahang maging manunulat sa pagtahak sa propesyonal at *personal* na mga hamon, na maglalagay sa kanila para sa matagumpay sa labas ng silid-aralan at sa pagpapabuti ng mga kakayahan sa pagsulat ng sanaysay, matupad ng mga pinuno ng paaralan ang kanilang pangako sa pangkalahatang pag-unlad ng mga mag-aaral, na maging handa sa kanilang pagtatapos para sa mga hinihinging kakayahan sa ika-21 siglo.

Sa mga guro sa Filipino ang pananaliksik na ito ay makatulong sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay upang magtagumpay sa mas mataas na edukasyon. Bukod dito, ang mga kasanayan sa mahusay na pagsulat ay makatutulong sa pag-unlad ng pag-iisip na kritikal, pagsusuri ng lohikal, at kakayahan sa paglutas ng mga suliranin, na hinahanap nang husto sa kasalukuyang kompetitibong merkado ng trabaho.

Ang kasanayang mahusay sa pagsulat ng isang mahusay na sanaysay ay mahalaga para sa akademikong tagumpay sa iba't ibang asignatura. Sa isang kurikulum kung saan karaniwang ginagamit ang Ingles bilang midyum ng pagtuturo, mahalaga ang mga kasanayan sa pagsusulat upang epektibo ang pagpapahayag nang mga ideya, panunuri ng teksto, at pagpapahayag ng mga argumento. Kinikilala ng mga mag-aaral na ang paghahanda sa pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang nagbubunga ng mas mataas na marka sa klase sa Filipino kundi nagpapabuti rin sa kanilang pagganap sa iba pang mga asignaturang nangangailangan ng mga makasulat na gawain, tulad ng araling panlipunan, agham, at kasaysayan. Painagtuunan ng pansin ang kakayahang Komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay sa Grade 10 ng Twin Peaks National High School kung saan ang mananaliksik ay kasalukuyang nagtuturo upang matukoy ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay at mabigyan ng solusyon ang mga balakid sa mga salik na nakakaapekto sa mga mag-aaral sa mga sulating sanaysay.

II. METODOLOHIYA

Inilalahad sa kabanatang ito ang pangunahing pamamaraan at pagsusuri ng mga kagamitan ng pananaliksik sa paglikom ng mga datos, pagbuo at pagpapatibay ng kagamitan, paraan sa paglikom ng mga datos at ang pagsusuring istatistika.Ang ginamit sa pagsusuri at pagbibigay ng mga datos at impormasyon ay Deskriptibong Pamamaraan ng Pananaliksik at ginamit ang palarawang pagsisiyasat dahil ang mananaliksik ay naniniwala na nag kaparaanang ito ay angkop sa paglikom at pagsusuri sa mga datos. Ayon kay Calmorin (2016), ang deskriptibong pamamaraan ay nakapokus sa kasalukuyang kalagayan at ang palarawang-pagsisiyasat ay ilalarawan ang tumpak na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay at ang kahusayan ng uring ito ay nakasalalay sa pagkabalido at pagkamaasahan ng mga datos. Ang mananaliksik ay nagbigay ng sulatin at ipinasulat muli sa mga mag-aaral upang alamin ang antas ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 at ipinasagot sa mga mag –aaral ang talatanungan upang suriin ang pagkaepektibo na mga ginamit na proseso at salik na nakakaepekto sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng mga sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 .

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Mataas na Paaralan ng Twin Peaks, Distrito ng Tuba, Dibisyon ng Benguet. Ang mga tagatugon ay ang mga mag-aaral sa Grade 10 na binubuo na siyamnaput-walong (98) tagatugon sa nasabing paaralan. Narito ang distribusyon ng mga tagatugon:

Talahanayan 1
Distribusyon ng mga Tagatugon

Mag-aaral at Seksyon	Bilang ng Mag-aaral
Grade 10A	33
Grade 10B	33
Grade 10C	32
Kabuoang bilang	98

Batayan: Mataas na Paaralan ng Twin Peaks, Distrito ng Tuba, Dibisyon ng Benguet, Panuruang Taon 2023-2024

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang mga nakalap na datos at impormasyon mula sa isasagawang pagpapamudmod ng talatanungan ay gagamitin ng mananaliksik sa pagbibigay interpretasyon.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Isinagawa ang pagpapatibay sa talatanungan sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaayos ng mga aytem. Matapos na maisaayos ang talatanungan, ito ay ipinasagot sa mga mag-aaral upang matiyak ang relayabiliti, na kung saan, ito ay maaasahan (0.88). Ang mga nakalap na sagot sa sampung (10) piling mag-aaral sa Grade 10 mula sa Evelio Javier Memorial National High School ay sumailalim sa Kuder-Richardson formula 21 (Subong, 2005). Ang pormulang ginamit ay ang sumusunod:

Pormularyo:

$$Rk\text{-}r = \frac{NS^2 - m\,(N - m)}{(N-1)\,S^2}$$

Kung saan:

S^2= Variance
m= Mean
N= Bilang ng aytem
1= Constant

Pagkatapos ng pagpapabalido ng talatanungan, ito ay ginamit ng mananaliksik sa kanyang aktuwal na tagatugon ng pag-aaralSa pagbuo ng talatanungan, ang mananaliksik ay sumangguni sa iba't-ibang pananaliksik na may kinalaman sa pag-aaral na ito. Nangalap ng payo sa mga kasamahang bihasa sa pananaliksik at pagtuturo ng wikang Filipino, kung ano ang dapat ilagay sa kabuoan ng talatanungan. Nagsaliksik din sa mga silid-aklatan at *internet* upang makapaghanda ng mahusay at makabuluhan ang mga tanong. Matapos na makabuo ay ipinawasto sa tagapayo at sa mga eksperto para sa komento o anumang pagbabagong kailangan gawin bago ipasagot sa mga tagatugon Sa ginawang paglikom ng datos, humiling ang mananaliksik ng liham pahintulot sa Dekano ng Baguio Central University upang ibigay ito sa Tagapamahala ng Dibisyon ng Benguet at sa magbibigay ng liham- pahintulot sa punong guro ng Mataas na Paaralan ng Twin Peaks, Distrito ng Tuba, Dibisyon ng Benguet. Pagkatapos ay sinimulan na ipamahagi o ipamudmod ang mga talatanungan sa mga mag-aaral sa Grade 10.

Ang pagpapasagot sa mga talatanungan ay isinagawa sa mga oras na malaya ang mga mag-aaral. Nilikom ng mananaliksik ang mga talatanungan pagkatapos sagutan ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng paglilista ng mga kasagutan sa talatanungan ng mga tagatugon upang maihanda ang mga ito sa pagsusuri, pag-aaral, at pagbibigay ng kahulugan ng mga datos, ang bilang ng tugon, antas, bigat ng antas, kabuuang dami ng antas, kabuuang bigat, kahulugan at pagraranggo ang ginamit sa pag-unawa ng mga datos upang malaman ang antas ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay, ang mga hakbang na ginagamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga tagatugon, mga salik na nakakaapekto sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10.

Ginamit ng mananaliksik ang talatanungan sa pamamagitan ng *5-point Likert Scale* na may limang eskala bilang instrument para sa mga suliranin 2 at 3. Para sa pagtugon sa Suliranin 1, ang ginamit ay ang mga sumusonod:

Unang Bahagi: Antas ng kasanayan sa kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10, batay sa indensyon, pagbabantas, pagbabaybay, at gramatika.

Arbitraryong Ranggo ng mga Iskor	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
8 -10	Lubos na Napakahusay	LN
6 -7	Napakahusay	N
4 - 5	Mahusay	M
2 - 3	Hindi gaanong Mahusay	HgM
0 - 1	Nangangailangan ng Pagsasanay	NP

Para sa pangkalahatang antas ng kasanayan sa kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10:

Arbitraryong Ranggo ng mga Iskor	Katumbas na Paliwanang	Simbolo
38 - 40	Lubos na Napakahusay	LN
27 - 35	Napakahusay	N
18 - 26	Mahusay	M
9 - 17	Hindi gaanong Mahusay	HgM
0 - 8	Nangangailangan ng Pagsasanay	NP

Ikalawang Bahagi: Ang mga proseso sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10.

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
5	4.01-5.00	Lubhang Napaka-epektibo	LNe
4	3.26-4.00	Napaka-epektibo	Ne
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76-2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ikatlong Bahagi: Ang mga salik na nakakaapekto sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10.

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
5	4.01-5.00	Lubos Sumasang-ayon	LSa
4	3.26-4.00	Sumasang-ayon	Sa
3	2.51-3.25	Hindi gaanong Sumasang-ayon	SgSa
2	1.76-2.50	Walang Sinasang-ayunan	WSa
1	1.00-1.75	Lubos na hindi Sumasang-ayon	LhSa

Ang pormula na ginamit sa Bigat ng Antas ay:

$$WM = \frac{TWM}{N}$$

Kahulugan:

WM = Bigat ng Antas
TWP = Kabuuang Bigat ng Antas
N = Kabuuang Bilang ng mga Tagatugon

III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

Inilahad sa kabanatang ito ang kinalabasan at naging resulta ng pag-aaral tungkol sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ng Grade 10 sa Twin Peaks National High School.

A. Antas ng Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10

Nakasaad sa Talahanayan 2 ang antas ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 (N=98)

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral (N=98)

Mga Proseso	Iskor	Mean Score	Simbolo	Katumbas na Paliwanag	R
1. Indensyon	761	7.77	N	Napakahusay	2
2. Pagbabantas	845	8.62	LN	Lubos na Napakahusay	1
3. Pagbabaybay	695	7.09	N	Napakahusay	3
4. Gramatika	471	4.81	M	Mahusay	4
Kabuuang Bigat		7.07	N	NAPAKAHUSAY	

Batayan ng Iskor:

Arbitraryong Ranggo ng mga Iskor	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
8-10	Lubos na Napakahusay	LN
6-7	Napakahusay	N
4-5	Mahusay	M
2-3	Hindi gaanong Mahusay	HgM
0-1	Nangangailangan ng Pagsasanay	NP

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Batay sa pangkalahatang distribusyon ng tagatugon mula sa siyamnapu't walo (98) na mag-aaral na *Grade 10* na may *total average mean score* na 7.07 at katumbas na paliwanag na napakahusay ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa mataas na paaralan ng *Twin Peaks.* Ipinahihiwatig nito na kaya nilang malinaw at epektibong ipahayag ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng pagsulat. Ang kanilang kakayahang komunikatibo sa pagsulat ay nagpapakita ng maayos na pag-unlad at husay sa larangan ng sanaysay. Ayon kay Astorga (2023) binanggit ni Montaigne, naiiba ang sanaysay sa ibang uri ng komposisyon sa dahilang ito'y may sariling paglalantad. Inilalantad nito ang personalidad at ang mga saloobin ng sumulat. Ayon sa pag-aaral ni Olpino (2023) binanggit ni Lee na ang isang taong maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit nang wastong deliberasyon ng balarila na magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa pagpapahayag ng may kagalingan at kalinawan. Ang kinakailangan sa pagbuo ng mga salitang binibigkas at isinusulat ay maayos upang walang maling interpretasyon sa mga salitang isinusulat at binibigkas.

Batay pangkalahatang distribusyon ng mga tagatugon mula sa nakalap na iskor ng mga mag-aaral sa Grade 10, sila ay lubos na napakahusay sa kasanayang gawaing pagbabantas na may *average mean score* na 8.62 na may katumbas na pagpapaliwanag na Lubos na Napakahusay na nagbigay ng napakahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sa paglalagay at pagsasaayos ng mga simbolo tulad ng tuldok, kuwit, at tandang pananong sa pagsulat upang malinaw ang kahulugan at daloy ng pagbabasa at pagsulat. Pumapangalawa ang gawaing indensyon na may *average mean score* na 7.77 at katumbas na paliwanag na Napakahusay na nagpapakita ng may higit na mahusay sa pagtukoy o pagkilala ang mga pag-aaral sa paggamit ng wastong indensyon sa bawat pangungusap, pangatlo ay ang gawaing pagbabaybay na may *average mean score* na 7.09 at ika-apat ang gawaing gramatika na may average mean score na 4.81 na nagpapakita ng Napakahusay na ang mga mag-aaral sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga gawaing pagbabantas, indensyon, pagbabaybay at gramatika ay nagpapakita ng kanilang malalim na pag-unawa sa tamang paggamit ng wika at kakayahang magsulat nang may wastong estruktura. Ang kanilang napakahusay na pagkamit sa aspetong ito ay nagsasaad na nakakasunod ang mga mag-aaral sa mga para-paraan sa pagsulat ng sanaysay, saklaw, kaanyuan at pamantayan sa pagsulat ng sanaysay. Sa pagpapahayag mahalaga ang malinaw at epektibong mga ideya sa pagsusulat. Ipinapakita rin nito na ang mga guro ay matagumpay na nakapagbibigay ng malinaw na panuto sa pagsulat ng sanaysay bilang gabay ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na nagtuturo ng mabuti ang guro ng mga kasanayang ito dahil nagpapakita sa mataas na iskor sa pagganap ang mga mag-aaral, na magiging pundasyon ng kanilang matatag sa kakayahang komunikatibo.

Sa kabila ng napakahusay na ang mga mag-aaral sa Grade 10 sa pagsunod sa alituntunin sa pagsulat ng sanaysay ay kinakailangan pang higit na linangin ang kanilang kakayayahan sa pagbabaybay partikular na sa gramatika na nakakuha ng pinakamababang iskor na nagpapakita ng kakulangan sa pagtuturo ng guro at kahirapan sa pag -unawa ng mga mag-aaral ang wastong gamit sa gramatika at pagbabaybay. Ang mga gawaing ito ang nangangailangan na pagtuunan ng pansin upang mapanatili ang napakahusay sa kasanayan kanilang pagsusulat ng sanaysay upang matamo ang Napakalubos na Napakahusay sa gawaing pagsulat.

Ayon sa pag-aaral ni Ricardo (2022), ang husay sa gramatika at pagbabaybay ay kritikal na aspeto ng pagsulat na malaki ang kontribusyon sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may malalim na kaalaman sa mga alituntunin ng wika ay karaniwang mas mahusay sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya sa malinaw at organisadong paraan. Ipinapakita rin ng ibang pag-aaral na ang pagpapabuti sa mga teknikal na aspeto ng pagsusulat tulad ng gramatika ay may direktang epekto sa pangkalahatang kalidad ng sinulat.

Ayon kay Maranan (2016), ang mga kasanayan sa indensyon at pagbabantas ay hindi lamang nakakaapekto sa teknikal na aspeto ng pagsusulat kundi pati na rin sa pagiging malikhain at masining ng isang sanaysay.

Ayon sa pag-aaral ni Nariz (2022), maaaring hindi agad napapansin ang mga tamang gamit ng indensyon at pagbabantas ay susi sa pagbibigay ng malinaw na daloy ng ideya at mas maayos na pagkakaunawa ng mambabasa.

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang pala-palagay na Mahusay ay Hindi Tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral batay sa Pangkalahatang distribusyon ng tagatugon mula sa siyamnapu't walo (98) na mag-aaral na Grade 10 na may kabuuang total na 6.94 at katumbas na paliwanag na Napakahusay ng kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10.

B. Mga Proseso na Ginagamit sa Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10

Inilalahad ng Talahanayan 3 ang mga proseso na ginagamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10. Mula sa Talahanayan 3 na may kabuoang bigat na 3.52 at may katumbas na pagpapaliwanag na Napaka-epektibo ang mga proseso na ginamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3
Mga Proseso na Ginagamit sa Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo sa Pagsulat
ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10 (N=98)

Mga Proseso	5	4	3	2	1	KD	KB	K	R
1. Lingguhang pagsasanay gamit ang Indensyon, pagbabantas, pagbabaybay at gramatika.	21	19	44	14	0	341	3.48	Ne	4
2. Pagbubuo ng mga talata ng katawan na may mga pangungusap na tumutukoy sa paksa, patunay na sumusuporta, at analisis upang makaunawa sa mga pangunahing ideya ng sanaysay.	20	37	27	14	0	357	3.64	Ne	2
3. Summative test	7	28	49	13	1	321	3.28	Ne	8
4. Paggamit ng mga salitang pang-transisyon at parirala upang makamit ang daloy at kahusayan sa pagitan ng mga	11	32	36	18	1	328	3.35	Ne	6

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

pangungusap at talata.									
5. Pagtalakay sa mga kabaligtaran o kasalungat na pananaw upang lalong mapalakas ang pangkalahatang argumento at ipakita ang kritikal na pag-iisip.	18	26	37	12	5	334	3.41	Ne	5
6. Pagbubuod ng mga pangunahing punto na na talakayin sa sanaysay at pagbibigay ng pahayag sa pagtatapos na pinapatibay ang paksa.	10	33	35	15	5	322	3.29	Ne	7
7. Pagsusuri at pagpapahusay ng sanaysay para sa linaw, kahusayan, gramatika, baybay, at estilo bago ang huling paghahatid.	16	35	41	6	0	355	3.62	Ne	3
8. Paghingi ng puna mula sa mga kauri, guro, o mentor upang matukoy ang mga lugar para sa pagpapahusay at lalong pagpapahusay sa sanaysay.	41	30	22	5	0	401	4.09	LNe	1
Kabuuang Bigat							3.52	Ne	

Legend:

Pag-aantas	Istatistika sa Pag-aantas	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
5	4.01-5.00	Lubos Napaka-epektibo	LNe
4	3.26-4.00	Napaka-epektibo	Ne
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76-2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

Batay sa datos na nakasaad sa Talahanayan 3 na may kabuoang bigat na 3.52 at katumbas na paliwanag na Napaka-epektibo ng mga prosesong ginagamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10, sa mataas na paaralan ng *Twin Peaks* nagpapahiwatig na Napaka-epektibong nahuhubog ang mga ginamit na proseso, na nag resulta sa mas mataas na kalidad ng pag-unawa nila sa mga sanaysay dahil sa gabay at pagbibigay ng wastong panuto ng mga guro.

Ang nangunguna (1) sa ranggo ng mga proseso tulad ng paghingi ng puna mula sa mga kauri, guro, o mentor upang matukoy ang mga lugar para sa pagpapahusay at lalong pagpapahusay sa mga gawaing pagsulat ng sanaysay ay may bigat na 4.09 ay lubos na napaka-epektibo. Ayon kay Mayos (2005) masasabing napakalaki ang papel ng guro sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Umiikot sa silid–aralan ang kanyang mundo at kumikilos siya ayon sa dikta ng pilosopiya bilang tagapagturo. Ang pagpapahalaga sa mga tinuturuang mag-aaral ang batayan sa pagpili at paghahanda ng mga araling magagamit upang makipag-ugnayan sa kanyang tinuturuan. Nababatid nya ang halaga ng mga angkop na metodo, estratehiya, at mga kagamitang instruksyunal na makatutulong upang mapakilos ang mga mag-aaral tungo sa pagtugon at pagkatuto. Pumapangalawa ang pagbubuo ng mga talata ng katawan na may mga pangungusap na tumutukoy sa paksa, patunay na sumusuporta, at analisis upang makaunawa sa mga pangunahing ideya ng sanaysay na may bigat na 3.64 at katumbas na pagpapaliwanag na napaka-epektibo. Ayon sa pag-aaral ni Ricardo (2022) binanggit ni Lee, ang isang taong maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit nang wastong deleberasyon ng balarila na magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa pagpapahayag na may kagalingan at kalinawan.Ang bawat talata ay may istruktura. Ito ay hindi iisang random na koleksyon ng mga pangungusap. Ang mga bahagi na bumubuo sa teksto ay may kaugnayan sa bawat isa.

Ang pagsusuri at pagpapahusay ng sanaysay para sa malinaw, kahusayan, gramatika, baybay, at estilo bago ang huling paghahatid na may bigat na 3.62 at katumbas na pagpapaliwanag na Napaka-epektibo ang nasa pangatlo. Ayon sa pananaliksik na isinagawa ng mga mag-aaral sa Baguio Central University ,Paaralang Gradwado sa asignaturang Pagsimula at Pag-unlad ng Wikang Filipino na may Pamagat na "Hanap Salita: Pagbabaybay sa Wikang Filipino "Olesio (2024) etal , nailathala sa internasyunal. Ang pagbabaybay ay tumutukoy sa tamang pagsulat ng mga salita upang maipahayag ang wastong kahulugan nito. Napakahalaga ng tamang pagbabaybay sapagkat dito tayo nagkakaroon ng kaalaman na makasulat ng mga letra hanggang sa makabuo ng isang konsepto tungkol sa mga bagay na nais nating bigyang kahulugan (Da Costa at Arias, 2021).

Ayon kay Stade (2010), ang pagbabaybay ay isang komplikadong Kakayahan sa pagsulat kaya kinakailangang ang mag-aaral ay magtataglay ng kakayahan sa wika kasama ang ponolohiya, morpolohiya, *visual memory skills*, *semantic relationship* at sapat na kaalaman sa tuntunin ng pagbabaybay. Sa panahon ngayon ay suliraning panlahat ang pagbabaybay kaya isa ito sa mga nararapat na linangin sa paaralan dahil ayon kay Oliva, (2020), malaki ang naiambag ng pagbaybay sa buhay ng tao sapagkat dito tayo natutong magbasa, magsulat ng mga letra at salita hanggang makabuo ng isang pangungusap.

Sa pag-aaral ni Warda (2005), nabanggit niya na malaki ang epekto ng pagbabaybay sa pasulat na pagganap ng mga mag-aaral. Kung maalam sila sa tuntunin ng pagbabaybay, mataas din ang kompiyansa nila sa pagsusulat. Kapag mali ang baybay ng salita, nagiging hadlang ito sa pag-unawa

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

ng mga mag-aaral sa anumang teksto. Hindi lamang nakaaapekto ito sa kanilang pag-aaral kundi ay nagdudulot din ng hindi magandang impresyon sa kanila bilang mag-aaral. Kaya naman, mahalaga na bigyang pansin ang wastong baybay ng mga salita upang mapabuti ang kalidad ng pag-aaral.Noong (2014) ay inilathala ng Komisyon ng Wikang Filipino angManwal sa Masinop na Pagsusulat. Isa sa nilalaman nito ay ang tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa Filipino na nakapaloob sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa. Layunin nito na mapalawak at mapabuti ang paggamit ng wastong baybay at pagtuturo at pagkatuto ng tamang pagbabaybay ng mga salita. Ito ay paraan para maiwasto rin ang ilang maling pagbabaybay mula sa hiram na salita sa anumang wika.Ayon pa kina Santos at Hulana, (2008), Sinasabing ang Filipino ay *liberated* na barayti ng Pilipino dahil sa malaya nitong, tinatanggap ang mga salitang katutubo o banyaga, sa kadahilanang ang wika ay buhay at nagbabago habang ito ay nadadagdagan sa paglipas ng panahon. Kasabay ng pagbabago ng wika ay ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay.

Ang estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagbabaybay ay mahalaga upang masuportahan ang kanilang pagkatuto. Sa pag-aaral ng *Programme for International Student Assessment o PISA 2018:* Pang-79 ang mga estudyanteng Pilipino sa 79 na bansa sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan 18% lamang ng mga mag-aaral ang nakakaabot sa bahagdan para sa kahusayan. (OECD, 2019) Ayon sa pag-aaral ng *Philippine Educational Placement Test PEPT 2019*: 32.5% lamang ng mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit ang pumasa sa grammar section. (DepEd, 2019).

Ayon sa isinagawang pag-aaral ng DepEd 2017, maraming mag-aaral na Pilipino ang nahihirapan sa mga sumusunod na konseptong gramatika: kasunduan sa paksa-pandiwa, artikulo, panahunan, pang-ukol, at bantas (DepEd, 2017). Sa paaralan ng Twin Peaks National High School, may napakahusay sa kakayahan sa pagbabaybay at sa gramatika sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino.

Ang pang-apat ay ang lingguhang pagsasanay gamit ang Indensyon, pagbabantas, pagbabaybay at gramatika na sa pang-lima may bigat na 3.48, pang anim ang pagtalakay sa mga kabaligtaran o kasalungat na pananaw upang lalong mapalakas ang pangkalahatang argumento at ipakita ang kritikal na pag-iisip na may bigat na 3.41 at katumbas na paliwanag na napak–epektibo, pang-anim, ang paggamit ng mga salitang pang-transisyon at parirala upang makamit ang daloy at kahusayan sa pagitan ng mga pangungusap at talata 3.35, at pagbubuod ng mga pangunahing punto na na talakayin sa sanaysay at pagbibigay ng pahayag sa pagtatapos na pinapatibay ang paksa 3.29 ay napaka-epektibong mga proseso na ginagamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa kanilang pagsulat ng sanaysay.

Batay sa datos, malinaw na ang mga prosesong ginagamit sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 ng Mataas na Paaralan ng Twin Peaks ay epektibo, tulad ng ipinapakita ng kabuuang bigat na 3.52. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, na hindi lamang nagpapaunlad sa kanilang kakayahang magsulat, kundi pati na rin sa kanilang pag-unawa sa mga sanaysay. Ang epektibong paggamit ng mga proseso ay nagpapakita na may kakayahan ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga ideya nang mas malinaw at makabuluhan, na mahalaga sa kanilang akademikong pag-unlad.

Ang mga proseso tulad ng paghingi ng puna mula sa guro o kauri ay nagpapalalim ng kanilang pang-unawa at nagiging daan para sa patuloy na pagpapabuti ng mga sanaysay, na may pinakamataas na bigat na 4.09. Ang pagkakaroon ng kritikal na pagsusuri mula sa ibang tao ay hindi lamang nagpapalawak ng nilalaman ng sanaysay kundi nagpapahusay din sa estilo at kaayusan ng pagsulat. Ang mga natutunang kasanayan o teknik tulad ng pagbubuo ng talata at paggamit ng transisyon ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng kakayahang makipag-ugnayan nang mas malinaw at epektibo sa kanilang mga mambabasa.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral na tagatugon sa mga prosesong ito ay may higit na may kakayahan sa pagsusulat ng sanaysay, na maaaring magbunga ng mas mataas na antas ng kasanayan sa komunikasyon. Ang patuloy na pagsasanay at pagsusuri ng kanilang mga gawa ay mahalaga sa pagbuo ng mga mag-aaral na hindi lamang mahusay magsulat kundi may kakayahan din sa pag-aanalisa at pagbuo ng matibay na argumento.

Ang mga natuklasan na ito ay tumutugma sa iba pang mga pag-aaral na nagpapakita ng bisa ng peer *review* at *iterative feedback* sa paghubog ng mga kasanayan sa pagsusulat. Ayon kay Garcia (2019), ang pagbibigay ng puna mula sa mga kaklase at guro ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang pagsusulat ng mga mag-aaral, sapagkat nagiging kritikal sila sa sariling gawa at natututo mula sa mga puna ng iba. Ipinapakita ng pag-aaral ni Antonio (2023) na ang *feedback* ay nagtataguyod ng malalim na pag-unawa sa nilalaman ng sanaysay, lalo na kung ito ay paulit-ulit at nakatuon sa mga tukoy na aspeto ng pagsusulat.

Bukod dito, ang mga prosesong tulad ng pagsasanay sa pagbabaybay, pagbabantas, at gramatika ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Pablo at Lasaten (2018) at Santos (2018), na nagsasabing ang mga estratehiyang metakognitibo, tulad ng regular na pagsasanay at pagrepaso, ay makabuluhang nagpapataas sa kalidad ng pagsusulat ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay nagpapatibay sa ideya na ang masinsinang pagproseso ng pagsulat ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng komunikasyon at kritikal na pag-iisip.

Kaya, ang pala-palagay na ang mga proseso na ginagamit sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 na Hindi-gaanong Epektibo ay hindi tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na ang mga prosesong ginamit sa kasanayan sa kakayahang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ay Napaka-epektibo.

C. Mga Salik na Nakakaapekto sa Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10

Inilalahad ng Talahanayan 4 ang mga salik na nakakaapekto sa kasanayang komunikatibo sa pagsulat ng sanayhsay

Talahanayan 4

Mga Salik na Nakakaapekto sa Kasanayan sa Kakayahang Komunikatibo
sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10 (N = 98)

Mga Salik	5	4	3	2	1	KD	KB	K	R
1.May kakulangan sa Kasanayan sa pagsusulat	7	13	28	38	12	259	2.64	S	1
2. Walang kasanayan sa pag-unawa sa nilalaman paksa	3	8	34	34	19	236	2.41	HgS	5
3. Kulang sa kritikal na pag-iisip	2	14	25	32	25	230	2.35	HgS	6
4. Walang Pamamahala sa oras	3	12	29	34	20	238	2.43	HgS	4
5.Walang motibasyon at interes sa paksa	4	10	34	31	19	243	2.48	HgS	3
6. Walang suporta mula sa mga guro	0	2	22	32	42	180	1.84	HgS	7

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

7. Walang mga pansariling salik (personal factors)	2	10	41	28	17	246	2.51	S	2
Kabuuang Bigat							2.38	S	

Legend:

Pag-aantas	Istatistika ng Pag-aantas	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
5	4.01 – 5.00	Napakalubos na Sumasang-ayon	NLSa
4	3.26 – 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	LSa
3	2.51 – 3.25	Sumasang-ayon	S
2	1.76 – 2.50	Hindi Gaanong Sumasang-ayon	HgS
1	1.00 – 1.75	Hindi Sumasang-ayon	HS

Mula sa Talahanayan 4, ayon sa kinalabasan ng pag-aaral na may kabuoang bigat na 2.38 at may katumbas na Mula sa paliwanag na Sumasang-ayon na nakakaapekto ang mga salik na ginamit bilang tagapagpahiwatig sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral .

Ang nangunguna sa ranggo (1) na ang kakulangan sa kasanayan sa pagsusulat dahil lumabas sa pag-aaral na may bigat na 2.64 na Sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakakaapekto ang kakulangan sa kasanayan sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay, patunay ang pag-aaral na ito na kinakailangan ng mga mag-aaral ang gabay at pagbibigay ng puna ng mga guro sa mga mag-aaral sa paglinang sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay upang higit na bihasa ang mga mag-aaral sa sulating sanaysay.

Ayon kay Astorga (2011) binanggit ni Montaigne, ang sanaysay ang pinakagamitin sa halos lahat ng larangang kinasasangkupan ng mga mamamayan –pampulitika, panlipunan, pang-edukasyon, atbp. Sa pagsagot sa isang bahagi ng pagsusulit, sa pagsulat ng liham, pag-uulat at pananaliksik, sa paglalahad ng mga kautusan, palibot-liham at alituntunin, ang sanaysay ang lagi nang ginagamit.

Pangalawa ang walang pansariling salik na may bigat na 2.51 at katumbas na paliwanag na sumasang-ayon na nakakaapekto ito sa sa kasanayan sa kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay . Ayon sa kay Gutierez (2016), binanggit niya sa pagkilala sa iba't ibang teoryang pampanitikan tulad ng humanism na kung saan pinapahalagahan ng teoryang humanism ang tao at ang kaniyang saloobin at damdamin. Ito ang teoryang nagbibigay halaga sa tao, na ang tao ang sentro ng mundo. Ito ay nagsasabi na ang tao ay rasyonal na nilalang na may kakayahang maging makatotohanan at mabuti; binibigyang tuon ang kalakasan at mabubuting katangian ng tao gaya ng talino, talento, kakayahan at marami pang iba. Kinikilala ng tao bilang panukatan ng maraming bagay at pangyayari. Itinatanghal ang kalagayan niya bilang isang indibidwal. Sa pilosopiya, ng humanismo ay pagpapakita ng tamang asal na nagbibigay –diin sa dignidad at halaga ng indibidwal. Pangatlo ay may bigat na 2.48 at may katumbas na paliwanag na Hindi gaanong Sumasang-ayon na nakakaapekto ang walang motibasyon at interes sa paksa sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grade 10. Ayon kay Mayos (2005) ang motibasyon ay hindi lamang pag-akay sa mga mag-aaral tungo sa paksa bagkus ito rin ay gawin silang uhaw sa kaalaman at pag-unawa sa mga paksa (Vega at Prieto, 2006)

Pang-apat na may bigat na 2.43 at katumbas na paliwanag na Hindi gaanong Sumasang-ayon sa walang pamamahala sa oras dahil sa talahanayan 2 lumabas sa pag-aaral na Lubos na napakahusay ng mga mag-aaral sa kasanayan sa kakayahan sa pagsulat ng sanaysay. Panglima ay Walang kasanayan sa pag-unawa sa nilalaman paksa na may bigat na 2.41 at katumbas na paliwanag na hindi gaanong Sumasang-ayon, pang-anim ang Kulang sa kritikal na pag-iisip na may bigat na 2.35 Hindi gaanong Sumasang-ayon; pampito(7) sa ranggo ay walang suporta mula sa mga guro na may katumbas na paliwanag na Hindi gaanong Sumasang-ayon .

Sa kabuoan, ang pananaw ng mga mag-aaral ukol sa mga salik na ito ay nagbibigay-daan upang makita ang kanilang kasanayan sa pagsusulat bilang isang larangan na kanilang kayang pamahalaan nang hindi umaasa nang labis sa panlabas na suporta. Ang kanilang pagsang-ayon ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na sila ay nasa gitnang yugto ng pag-unlad—kinikilala ang ilang aspeto ng pagsusulat na kailangang pagbutihin habang nananatiling tiwala sa kanilang kakayahan.

Ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay sumusuporta sa mga natuklasan mula sa pag-aaral ni Yulianawati (2019) ukol sa *self-efficacy* o paniniwala sa sariling kakayahan. Ayon sa kanya, ang mga indibidwal na naniniwalang kaya nilang makamit ang mga layunin nila sa akademiko nang may limitadong tulong ay mas madalas na nagtatagumpay. Ayon naman kay kina Atanacio-Blas et al. (2018), ang mga mag-aaral ay may mataas na *self-efficacy*, na nagtutulak sa kanila na maging mas *independent a*t kumpiyansa sa pagsusulat ng sanaysay, na hindi gaanong umaasa sa mga salik tulad ng suporta ng guro o kritikal na pag-iisip.

Bukod pa rito, ang ideya na ang tamang balanse ng suporta mula sa guro at pagsasarili ng mag-aaral ay magiging daan para sa mas epektibong pagkatuto, ay sinuportahan ng pag-aaral ni Wentzel at Wigfield (2014). Kung nararamdaman ng mga mag-aaral ng Twin Peaks na nakatatanggap sila ng sapat na suporta, maaaring ibig sabihin nito ay nasa tamang antas ng interbensyon ang kanilang mga guro, na nagpapahintulot sa kanila na magpursigi at mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagsusulat nang hindi umaasa nang husto sa panlabas na gabay.

Kaya, ang pala-palagay na ang salik na nakakaapekto sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 na Hindi gaanong Sumasang-ayon ay Hindi tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuoang bigat na 2.38 at katumbas na paliwanag na Sumasang-ayon.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at batay sa mga iskor sa Talahanayan 2 at may katumbas na paliwanag na napakahusay ang ipinapakita na ang mga mag-aaral sa Grade 10 ng Mataas na Paaralan ng Twin Peaks sa sa kanilang kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay. Ang kanilang Lubos na napakahusay sa mga aspeto ng gramatika at pagbabaybay ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng mga proseso kanilang pagsasanay. Upang mapanatili ang napakahusay na kasanayan sa kakayahang pagsulat ng sanaysay ay na- ngangailangan pa rin ng gabay ng mga guro ang mga mag-aaral at bigyang diin o pokus ang sa indensyon at pagbabantas upang matamo ang Lubos na napakahusay sa kasanayan sa kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mga-aaral . Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Nariz (2022) binanggit ni Bernales na ang pagsulat ay isang biyaya, isang pangangailangan at kaligayahan ng nagsasagawa nito. Isang biyaya sapagkat ito ay isang kasanayang kaloob ng Maykapal at natatangi sa tao. Isa itong pangangailangan sapagkat ito ay kasama sa kasanayang pakikinig, pagbasa,

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Bernalyn L. Hidalgo *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 58-68
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

pagsasalita at panonod ay malaking impluwensiya upang maging ganap ang ating pagkatao. Isa itong kaligayahan sapagkat bilang sining maari itong maging hanguan ng lugod o pagbibigay kasiyahan ng sinuman sa kanyang pagpapahayag ng nsa isip o nadarama.

Ayon sa pag-aaral ni Antonio (2023) sa nasabing pagtakda ng Batas Pambansa 232 na kilala sa tawag na *Education Act of 1982* nabanggit na ang layunin ng kurikulum *sa* Edukasyong Sekondarya na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng mataas, kritikal at masining na pag-iisip, at mas malawak na pagkaunawa at gawaing pagpapahayag sa iba't ibang tunay na sitwasyon; inaasahang bunga nito ay mapaunlad ng mga mag-aaral na nagtataglay ng sapat na kaalaman, kakayahan at kasanayan sa paggamit ng akademikong wika sa pangkomunikatibong gawain o pakikipagtalatasan upang masabing lubos na napakahusay at mabisang komunikeytor sa Filipino pasalita o pasulat.

Ang makikinabang o magbenipisyo ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng Mataas na Paaralan ng *Twin Peaks* at mga paaralang nasasakupan ng Dibisyon ng Benguet.

IV. KOKLUSYON

Ang mga konklusyon at mga mungkahi ay inilalahad sa kabanatang ito.Batay sa mga paghahambing ng kaalaman na nakalap sa pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ay ang mga konklusyon: Ang mga mag-aaral sa Grade 10 ng mataas na paaralan ng Twin Peaks ay may mataas na antas ng kasanayan sa komunikatibong pagsulat ng sanaysay, na ipinapakita ng kanilang mahusay na marka sa pagbabantas at indensyon; Napakaepektibo ang mga proseso sa pagpapabuti ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay. Ang paghingi ng puna mula sa mga guro, pagsusuri, ng mga ibinigay na gawaing pagsusulat at pagbubuo ng talata ay napakaepektibo na tulong na maibibigay ng guro upang makamit ang lubos na napakahusay sa pagsusulat ng sanaysay sa *summative quiz*; Ayon sa mga mag-aaral, ang mga salik tulad ng kakulangan sa suporta ng guro o oras ay hindi nakakaapekto nang malaki sa kanilang pagsulat. Naniniwala silang ang kanilang *personal* na kasanayan at pagsusumikap ang pangunahing susi sa kanilang pag-unlad sa pagsusulat ng sanaysay.

PASASALAMAT

Ipinaaabot ng mananaliksik ang kanyang walang hanggang pasasalamat sa mga taong lubos na tumulong sa kanya upang matagumpay na maisagawa ang pag-aaral na ito.Sa Poong Maykapal na nagbigay ng lakas ng loob, patnubay, tiyaga at higit sa lahat, karunungan; Dr.Margarita Cecilda Bulaqueña – Rillera, Pangulo, Baguio Central University sa kanyang walang humpay na suporta at pagsasaalang-alang sa mataas na kalidad ng edukasyon na natatamasa ng bawat mag-aaral;

Dr. Genevieve B. Kupang, Dekana, Gradwadong Paaralan, isang buong-pusong pasasalamat sa malayang pagtulong; Dr. Maria Lourdes G. Eguia, tagapayo sa kanyang paggabay at pagbibigay ng panahon at puna upang maisaayos ang pag-aaral na ito; sa lupon ng tagasuri Dr. Leonardo M. Aquino, taga-pangulo at mga kasapi na sina Dr. Lilian S. Pagulongan, Dr. Lourdes A. Bela-o at Dr. Manion K. Alcantara para sa kanilang pagwawasto at mungkahi; Gng. Florence B. Pawig , Head Teacher IV, Twin Peaks National High School sa pagbibigay pahintulot na maisagawa ang pag-aaral na ito; sa mga Grade 10 na mag-aaral bilang tagatugon at sa mga kapwa ko guro na tumulong upang matapos ang pag-aaral na ito; Sa tagapamahala ng silid aklatan sa pagpapahiram ng mga aklat, tesis at *journal* upang may kalidad ang pag-aaral na ito.

SANGGUNIAN

1. Academic Press, 2020. *Komisyon sa Wikang Filipino at Panreheyong Sentro sa Wikang Filipino-Rehiyon 1*
2. Antonio, A. A. (2023*). Antas ng Kasanayan sa Pagpapahayag sa Filipino Ng Mga Mag-aaral sa Grade 11*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Philippines
3. Anson, C. M., (2018). *Writing to Read, Revisited*. In A. S. Horning & E. W. Kraemer (Eds.), Reconnecting Reading and Writing (pp. 21-39). Parlor Press.
4. Atanacio-Blas, F. et al. (2018). *Articulated Difficulties of Grade 11 Students At Taytay Senior High School (TSHS) in English Proficiency*. PEOPLE: International Journal of Social Sciences, 3(3), 1186–1202. https://doi.org/10.20319/pijss.2018.33.11861202
5. Baaijen, V. M., Galbraith, D., & de Glopper, K. (2014). *Effects of writing beliefs and planning on writing performance*. Learning and Instruction, 33, 81-91.
6. Beaufort,A.,(2018). *Preparing writing teachers to teach for mutually transformative processes*. In M. J. Randall & J. J. Webster (Eds.), Revision revisited (pp. 157-174). Utah State University Press.
7. Bruning, R.H.,Schraw, G.J., & Ronning, R. R. (2011). *Cognitive psychology and instruction*. Pearson Education.
8. Calfee, R. C. (2021). *Handbook of educational psychology and students' literacy development*. Routledge.
9. Calmorin, L. P. (2016*). Research and Thesis Writing with Statistics Computer Application*. Manila: Rex Bookstore.
10. Christianakis, M. (2020). *Children's text design and the teaching of writing*. Routledge.
11. DeVoss, D. N., & Selfe, C. L. (Eds.). (2018). *Digital writing assessment and evaluation*. Computers and Composition Digital Press.
12. Driscoll, D. L., & Wells, J. H. (2018). *Beyond knowledge and skills: Writing transfer and the role of student dispositions in and across the disciplines.* Stylus Publishing, LLC.
13. Eodice, M., Geller, A. E., & Lerner, N. (2019). *The meaningful writing project: Learning, teaching, and writing in higher education*. University Press of Colorado.
14. Gammill, D. (2020). *Making the case for transfer: Toward a new paradigm for teaching writing*. In M. A. Pemberton & J. Mina (Eds.), Critical transactions in literacy instruction (pp. 11-32). Routledge.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

15. Garcia, J. (2019). *Ebidensya at Argumento: Ang Papel ng Suporta sa Pagsulat ng Sanaysay sa Mataas na Paaralan*. Journal of High School Writing, 2019.
16. Graham, S., & Harris, K. R. (2018). *An examination of the design principles underlying a self-regulated strategy development model.* Journal of Writing Research, 9(3), 311-348.
17. Graham, S., & Perin, D. (2017). *Writing next: Effective strategies to improve writing of adolescents in middle and high schools*. Alliance for Excellent Education.
18. Gutierrez, J.C et al . (2016) . *Ang Pagtuturo ng Wika, Panitikan, at Kultura sa K to 12 Kurrikulum*. Jimczyville Publications, Malabon City , Phillippines
19. Gustilo, L., & Magno, C. (2015). *Explaining L2 Writing Performance through a Chain of Predictors: A SEM Approach*. The Southeast Asian Journal of English Language Studies, 3(2), 115–130.
20. Hoang, Q. L., & Vo, T. T. (2021). *Promoting student engagement with academic writing through blended learning*. SAGE Open, 11(2),1-13.
21. Jenkins, K. (2020). *The Art of Persuasion: Mastering the Thesis Statement in High School Essay Writing*.
22. Mayos, N. S (2005). *Ang Guro ng Bagong Milenyo Mga kagamitang Panturo,* JIMCY Publishing House, Philippines
23. Maranan, M.H (2016). *ANG GURU: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. MINSHAPERS CO., INC.Intramuros, Manila, Philippines.
24. Moran, C. G., & Soiferman, L. K. (2018). *Teaching writing: A journey, not a destination*. In L. E. Olinghouse, A. Wilcoxen, & A. Leyton (Eds.), Teaching writing strategies: Incorporating cognitive strategy instruction in secondary classrooms (pp. 3-12). Brill.
25. Nariz, V.B., (2022). *Kahandaan sa Retorikang Pagsulat Ng Mga Mag-aaral.* Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Philippines
26. Nueva, J. C. (2016). *Students' Writing Needs: Basis for Language Intervention Program*. CMU Journal of Science Vol. 20, No.2, 30-43.
27. Oliseo, M.A, Eguia M.L.G. et al. (2024). *Hanap Salita: Pagbabaybay sa Wikang Filipino*, International Published, Volume 4, issue 5 May 2024, ISSSN:0976-7797, Impact Factor: 4.843www.cognizacejournal.com . Cognizance Journal of Multidisciplinary studies Zain Publications friedhemsgatan 62, 112 46 Stockholm, Sweden
28. Opino, J.B. (2023). *Tesis: Kaalaman sa Ortograpiyang Filipino Ng Mga Mag-aaral*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Benguet Philippines
29. Pablo, J. C. I., & Lasaten, R. C. S. (2018). *Writing difficulties and quality of academic essays of senior high school students*. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 6(4), 46-57.
30. Ricardo, K.C. R. (2022). *Ang Pagtuturo ng Gramatikang Filipino Sa Grade 8*,. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City Philippines
31. Reyes, J. (2017). National Publishers
32. Santos, S. (2018). *Balangkas at Organisasyon: Hakbang sa Pagbuo ng Maayos na Sanaysay sa Mataas na Paaralan*. Philippine Educational Review, 2018.
33. Soliday, M. (2021). *Writing Successful Essays: An Introduction to the Process and Technique*. High School Writing Series, 2021.
34. Subong, P. (2006). *Statistics for Research*. Manila: Rex BookStore, Inc.
35. Tabangcura, M. P. (2016). *Pagtuturo at Pagtataya sa Pagbasa at Pagsulat*. Jimczyville Publications, Malabon City , Philippines
36. Torrance, M., Alamargot, D., Castelló, M., Garnier, F., Kruse, O., Mangen, A., & van Waes, L. (2019). *Cognitive and instrumental models of writing*. In A. Olive & C. Perrin (Eds.), Handbook of writing and text production (pp. 161-192). De Gruyter Mouton.
37. Urbano, C. et al. (2021). *Reading and Writing Needs of Senior High School Students: The Case of Filipino Students in the Philippines*. Modern Journal of
38. Wentzel, K. R., & Wigfield, A. (2014). *Handbook of motivation at school (2nd ed).* Routledge.
39. Yulianawati, I. (2019). *Self-Efficacy and Writing: A Case Study at A Senior High School in Indonesian EFL Setting*. VISION: JOURNAL FOR LANGUAGE AND FOREIGN LANGUAGE LEARNING, 2019 VOL.8, NO.1,79-101
40. Zumbrunn, S. & Graham, S. (2018). *Teaching writing strategies: Pedagogies and results for struggling students*. In J. R. Cone, D. Delclos, E. McAlenney, & S. 40. Graham (Eds.), Teaching writing (pp. 1-26). International Literacy Association.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved